

County ng Santa Clara

Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.3798



KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NANGANGAILANGAN NG PINAKABAGONG PAGBABAKUNA SA COVID-19 NG MGA TAUHAN SA MGA LOKASYON NA MAY MAS MATAAS NA PANGANIB

PETSA NG KAUTUSAN: Disyembre 28, 2021

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYONG 101040, 101085, 120175 AT KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYONG A18-33, INUUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. Background at Layunin.

- a. Ang Kautusang ito ay ginawa dahil sa paglitaw sa Santa Clara County ("County") ng Omicron variant ng SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19, at ang napipintong banta na dulot nito sa kalusugan ng mga mahihinang residente at ang kapasidad ng sistema ng healthcare. Ipinapahiwatig ng lumalabas na ebidensya na ang Omicron variant ay higit na nakakahawa kaysa sa mga naunang variant ng virus, at ang mga indibidwal na nagkaroon lamang ng kanilang paunang serye ng bakuna ay mas madaling makapitan ng impeksyon mula sa Omicron variant kaysa sa mga nakatanggap ng booster bilang karagdagan sa kanilang paunang serye. Ipinapahiwatig din ng lumalabas na ebidensya na ang ating komunidad at ang iba pa sa lalong madaling panahon ay maaaring haharap sa makabuluhang pagdami ng pagkakaospital at pagdami ng malalaking pagsiklab sa mga lugar ng pagtitipon bilang resulta ng Omicron variant.
- b. Gayunpaman, ipinapakita rin ng paunang ebidensya na ang mga indibidwal na nakatanggap ng booster shot ay nagpapataas ng kanilang kaligtasan sa sakit sa isang antas na nagbibigay ng higit na proteksyon mula sa lahat ng kumakalat na variant ng SARS-CoV-2, kabilang ang Omicron variant. Inirerekomenda na ngayon ng US Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ng California Department of Public Health (CDPH) na ang lahat ng mga kwalipikadong tao ay tumanggap ng booster shot dahil humihina ang kaligtasan sa sakit sa ilang buwan pagkatapos makumpleto ang paunang serye ng bakuna.
- c. Ang pagbabakuna ay nananatiling kritikal na bahagi sa pagpigil sa COVID-19 at sa mga nauugnay nitong pinsala. Ang mga indibidwal na hindi nakatanggap ng booster shot ay mas malamang na mahawa at magkalat ng impeksyon sa iba, at mas malamang na malubhang magkasakit, mangailangan ng pagpapaospital, at mamatay. Ang mga

miyembro ng komunidad ay dapat makatanggap ng mga booster shot kapag kwalipikado para panatilihin ang proteksiyon na epekto ng mataas na antas ng pagbabakuna sa buong komunidad sa ating County. Ang pagtitiyak na ang *lahat* ng mga indibidwal na nagtatrabaho sa mga lugar na may mas mataas na panganib ay parehong nabakunahan at nagka-booster kapag kwalipikado ay kritikal dahil sa paglitaw ng Omicron variant, ang panganib na ang mga health system ay mahihirapan, at iba pang nagpapatuloy na mga panganib na nauugnay sa COVID-19. Ang mga indibidwal na nagtatrabaho sa mga lugar na ito ay (1) maaaring maglantad sa mga lubos na mahihinang indibidwal na nasa mataas na panganib ng malubhang sakit at pagkamatay, (2) dapat maprotektahan mula sa COVID-19 hangga't maaari para matiyak ang sapat na bilang ng kawani sa mga kritikal na lugar na ito, at (3) sa sitwasyon ng mga kulungan, shelter, at mga skilled nursing facility, magdudulot ng mga malalaking pagsiklab kapag nahawaan. Sa pagsasaalang-alang ng mga opsyon upang pigilan ang inaasahang mabilis na pagdami ng pagkalat ng COVID-19 at mga nauugnay na kahilingan sa ating healthcare delivery system, ang pagtitiyak na ang mga indibidwal na nagtatrabaho sa mga lugar na may mas mataas na panganib ay mabakunahan at nagka-booster kapag kwalipikado ay kritikal na napakahalaga.

- d. Ang Kautusang ito ay nangangailangan na ang *lahat* ng mga indibidwal na nagtatrabaho sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib ay dapat na "ganap na nabakunahan" at kumuha din ng mga booster kapag sila ay naging kwalipikado. Ang mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay nangangailangan na marami sa mga indibidwal na ito ay mabakunahan (at sa huli ay magka-booster na hindi lalampas sa Pebrero 1, 2022).¹ Gayunpaman, ang mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado na iyon ay hindi sumasaklaw sa lahat ng indibidwal na nagtatrabaho sa mga lugar at tungkulin na may mas mataas na panganib (hal., mga paramedic at kawani sa kulungan). Pinapayagan din nila ang mga taong nakakuha ng exemption mula sa pagbabakuna mula sa kanilang employer na magpatuloy sa pagtatrabaho sa mga lugar na may mas mataas na panganib kung saan sila ay nasa mas mataas na panganib na mahawaan at maglantad sa iba, sa halip na mangailangan sa mga indibidwal na iyon na may mga exemption na italaga sa mga lugar at tungkulin na may mas mababa na panganib. Pinapahusay ng Kautusang ito ang proteksiyong inaalok

¹ *Tingnan* ang Setyembre 28, 2021 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado hinggil sa Mga Adult Care Facility at Direct Care Worker Vaccine Requirement (na-update noong Disyembre 22, 2021) *available sa:* <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Adult-Care-Facilities-and-Direct-Care-Worker-Vaccine-Requirement.aspx>; Agosto 19, 2021 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado hinggil sa Kinakailangan ng Lokal at Estado sa Pagbabakuna ng Manggagawa sa Health Care sa Mga Correctional Facility at Detention Centers (na-update noong Disyembre 22, 2021), *available sa:* <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Correctional-Facilities-and-Detention-Centers-Health-Care-Worker-Vaccination-Order.aspx>; Agosto 5, 2021 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado hinggil sa Kinakailangan sa Pagbabakuna ng Manggagawa sa Health Care (na-update noong Disyembre 22, 2021), *available sa:* <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Health-Care-Worker-Vaccine-Requirement.aspx>.

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)

ng Mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado at inililipat ang panahon para sa mga tauhan na may Pinakabagong pagbabakuna upang maprotektahan ang mga lubhang mahihinang manggagawa at mga miyembro ng komunidad mula sa impeksyon, malubhang karamdaman, at kamatayan mula sa COVID-19.

2. **Mga kahulugan.** Para sa mga layunin ng Kautusang ito, nalalapat ang mga sumusunod na kahulugan:
 - a. Ang isang tao ay "ganap na nabakunahan" sa dalawang linggo pagkatapos makumpleto ang paunang serye ng naaprubahang bakuna sa COVID-19 ng federal Food and Drug Administration (karaniwan ay isa o dalawang dosis), kabilang ang sa pamamagitan ng isang emergency use authorization. Halimbawa, mula sa petsa ng pagpapalabas ng Kautusang ito, ang isang indibidwal ay "ganap na nabakunahan" nang hindi bababa sa dalawang linggo pagkatapos makatanggap ng pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna na bakuna sa COVID-19 o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang solong dosis ng Johnson & Johnson na bakuna sa COVID-19.
 - b. "Pinakabago o Up-to-Date" ay nangangahulugan na ang isang indibidwal ay hindi lamang "ganap na nabakunahan" ngunit nakatanggap din ng anumang booster na dosis ng pagbabakuna sa COVID-19 kung saan sila ay kwalipikado na inaprubahan ng federal Food and Drug Administration, sa loob ng 15 araw ng unang maging kwalipikado. Halimbawa, sa epektibong petsa ng Kautusang ito, ang mga indibidwal na may edad na 16 o mas matanda na nakatanggap ng kanilang pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna na bakuna sa COVID-19 nang mahigit sa anim na buwan na ang nakalipas ay kwalipikado at dapat kumuha ng booster shot para maging Up-to-Date, habang ang mga indibidwal na nakatanggap ng isang dosis ng Johnson & Johnson na bakuna sa COVID-19 nang mahigit sa dalawang buwan na ang nakalipas ay kwalipikado at dapat kumuha ng booster shot para maging Up-to-Date.
 - c. Ang isang "Negosyo" ay kinabibilangan ng anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, kahit na isang entidad ng korporasyon, samahan, sosyohan o nag-iisang pagmamay-ari, at anuman ang katangian ng serbisyo, ang tungkulin nito, o istraktura ng korporasyon o entidad nito. Para sa kalinawan, kabilang din sa "negosyo" ang for-profit, non-profit, o entidad na pang-edukasyon na nagsasagawa ng mga serbisyo o gawain sa ilalim ng kontrata kasama ang isang entidad ng gobyerno.
 - d. Ang ibig sabihin ng "Tauhan" ay alinman sa mga sumusunod na indibidwal na gumagawa ng mga tungkulin sa lugar: mga empleyado; mga kontratista at sub-kontratista (tulad ng mga naghahatid ng mga kalakal o nagsasagawa ng mga serbisyo sa lugar); mga independiyenteng kontratista; mga nagtitinda; mga boluntaryo at intern; at sinumang iba pang indibidwal na nakagawiang nasa lugar sa kahilingan ng negosyo o entidad ng gobyerno.

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)

e. Ang “mga Lugar na may Mas Mataas na Panganib” ay mga lugar na kinasasangkutan ng pagtatrabaho sa ibinabahaging espasyo o malapit sa mga taong nasa mas mataas ang panganib ng malubhang sakit, pagkakaospital, o pagkamatay mula sa COVID-19 dahil sa edad o matagal nang may medikal na kondisyon, pati na rin ang mga lugar ng pagtitipon kung saan ang mga pagsiklab ay malamang na magaganap. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib ay ang mga bahagi ng mga sumusunod na pasilidad kung saan mayroon ibinabahaging espasyo o malapit sa mga pasyente, kliyente, o sa mga mahihinang populasyon:

1. mga skilled nursing facility, long-term care facility, adult day care facility, at memory care facility;
2. healthcare delivery facility (gaya ng mga ospital, klinika, medical office, dialysis center, atbp.) kung saan ang pangangalaga ng pasyente ay ibinibigay, pati na rin ang mga medical first responder;
3. mga kulungan at iba pang mga correctional facility; at
4. mga congregate shelter.

Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga tauhan na hindi permanenteng nakatalaga o regular na nakatalaga sa isang Lugar na may Mas Mataas na Panganib ngunit sa panahon ng kanilang mga tungkulin ay maaaring pumasok o magtrabaho sa mga Lugar na may Mas Mataas na Panganib kahit na sa paulit-ulit o paminsan-minsan o para sa maikling panahon ay itinuturing na nagtatrabaho sa lugar ng mga Lugar na may Mas Mataas na Panganib.

//

//

3. **Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna sa COVID-19 para sa Mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib.**

- a. Kinakailangan para sa Lahat ng Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib na Makakuha ng Mga Booster Kapag Kwalipikado. Sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa Enero 24, 2022, dapat tiyakin ng lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno na ang lahat ng mga tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib ay "ganap na nabakunahan" mula sa epektibong petsa ng Kautusang ito ay Up-to-Date din sa kanilang pagbabakuna sa COVID-19. Ang mga tauhan na hindi sumusunod sa subseksyong ito ay maaaring hindi makapagpatuloy na magtrabaho sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib pagkatapos ng Pebrero 1, 2022.
- b. Kinakailangan para sa Lahat ng Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib na Mabakunahan. Sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa Enero 24, 2022, dapat tiyakin ng lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno na ang sinumang tauhan na *hindi* pa "ganap na nabakunahan" mula sa epektibong petsa ng

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)

Kautusang ito at na nasa Mga Lugar na May Mataas na Panganib ay nakatanggap ng kanilang unang dosis ng bakuna sa COVID-19. Epektibo sa Marso 21, 2022, ang lahat ng tauhan na napapailalim sa subseksyong ito ay dapat na "ganap na nabakunahan." Ang mga tauhan na hindi sumusunod sa subseksyong ito ay maaaring hindi makapagpatuloy sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib pagkatapos ng Pebrero 1, 2022, at Marso 21, 2022, ayon sa pagkakabanggit. Para sa kalinawan, kapag ang mga tauhan ay "ganap na nabakunahan" alinsunod sa subseksyong ito, sila ay sasailalim sa kinakailangan sa subseksyong (a) upang manatiling Up-to-Date sa kanilang pagbabakuna (ibig sabihin, kumuha ng booster kapag kwalipikado).

- c. Mga Kinakailangan Hinggil sa Mga Tauhang May Naaprubahang Exemption. Wala sa Kautusang ito ang naglalayong limitahan ang kakayahan ng anumang negosyo o entidad ng gobyerno sa ilalim ng naaangkop na batas upang matukoy kung ibibigay ang kahilingan ng isang empleyado para sa medikal o relihiyon na exemption mula sa pangangailangang mabakunahan, naaayon sa lahat ng naaangkop na batas, at mag-alok ng naaangkop na makatuwirang akomodasyon. Para sa mga limitadong tauhan na may legal na sapat at mga naaprubahang exemption, hinihikayat ang mga employer na tiyakin ang pagsunod sa anumang naaangkop na mga kinakailangan sa makatuwirang akomodasyon. Gayunpaman, ang mga tauhan na hindi sumusunod sa mga kinakailangan sa pagbabakuna ng Kautusang ito ay hindi maaaring magtrabaho sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib, sa mga petsang ibinigay sa mga subseksyong (a) at (b), hindi alintana kung mayroon silang nakabinbing kahilingan sa exemption o naaprubahang exemption.
- d. Mga Kinakailangan sa Pagtago ng Talaan. Ang mga negosyo o entidad ng gobyerno na napapailalim sa Seksyong ito ay dapat magpanatili ng mga talaan na may sumusunod na impormasyon ng kanilang mga tauhan na mga empleyado, boluntaryo, o mga independiyenteng kontratista: (1) buong pangalan at petsa ng kapanganakan; (2) tagagawa ng bakuna; at (3) petsa ng pagbibigay ng bakuna (para sa lahat ng naaangkop na dosis). Wala sa subseksyong ito ang naglalayong pigilan ang isang employer na humiling ng karagdagang impormasyon o dokumentasyon upang patunayan ang katayuan ng pagbabakuna, sa lawak na pinahihintulutan sa ilalim ng batas.
- e. Pakikipagtulungan sa Mga Awtoridad ng Pamublikong Pangkalusugan. Ang mga negosyo o entidad ng gobyerno na may mga tauhan na napapailalim sa Seksyong ito ay dapat na makipagtulungan sa mga kahilingan ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan para sa mga rekord, dokumento, o iba pang impormasyon hinggil sa pagpapatupad ng negosyo o entidad ng gobyerno sa mga kinakailangan ng Kautusang ito. Kasama sa pakikipagtulungang ito, ngunit hindi limitado sa, pagtukoy sa lahat ng trabaho o posisyon sa loob ng organisasyon at naglalarawan ng: (1) kung ang isang partikular na trabaho o posisyon ay napapailalim sa mga kinakailangan sa pagbabakuna ng Seksyong ito, (2) kung paano natukoy ng negosyo o entidad ng gobyerno na ang isang trabaho o posisyon ay napapailalim sa mga kinakailangan sa pagbabakuna ng Seksyong ito, at (3) kung paano tinitiyak ng negosyo o entidad ng gobyerno ang ganap

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)

na pagsunod sa mga kinakailangan sa pagbabakuna na itinakda sa Seksyong ito. Ang mga kumpletong sagot sa mga kahilingang ito ay dapat ibigay kaagad sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan kapag hiniling, at sa anumang pangyayari sa loob ng tatlong araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan.

4. **Mga Rekomendasyon mula sa Opisyal ng Pangkalusugan.** Hinihimok ng Opisyal ng Pangkalusugan ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno at mga indibidwal na sundin ang mga rekomendasyong nakasaad sa ibaba:
 - a. Lahat ng mga kwalipikadong tao ay mariing hinihimok na magpabakuna at magpa-booster laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon.
 - b. Maliban kung ang lahat ay nagsusuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras para sa tagal ng pagtitipon, ang mga indibidwal ay hindi dapat magtipon sa mga panloob na lugar na may grupo na mahigit sa 10 katao mula sa labas ng kanilang sambahayan.
 - c. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat kaagad magpatupad ng mahigpit na ipinapatupad na mga kinakailangan sa pagbabakuna para sa lahat ng tauhan na mangailangan ng Pinakabagong pagbabakuna sa lalong madaling panahon, napapailalim lamang sa mga limitadong exemption na kinakailangan ng batas.
 - d. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat maglipat ng mga operasyon at aktibidad sa labas kung posible, kung saan may mas kaunting panganib sa pagkalat ng COVID-19. Kung saan hindi ito posible, dapat i-maximize ang bentilasyon.
 - e. Dapat ipagbawal ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ang lahat ng mga tauhan na hindi Up-to-Date sa kanilang pagbabakuna mula sa anumang pagbibiyaha na may kaugnayan sa trabaho sa mga lugar na may mataas na bilang ng COVID-19 kaysa sa rehiyon ng Bay Area o kung saan ang bilang ng pagbabakuna ng komunidad ay mas mababa sa average sa rehiyon ng Bay Area.
 - f. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat mangailangan ng lahat ng tauhang hindi Up-to-Date sa kanilang pagbabakuna na madalas magpasuri para sa COVID-19 na naaayon sa kasalukuyang mga rekomendasyon ng lokal, estado, at pederal. Ang sinumang tao, nabakunahan o hindi nabakunahan, na mayroong anumang mga sintomas na pareho sa COVID-19 ay dapat magpasuri kaagad.
 - g. Ang mga negosyo na nagsisilbi sa publiko, lalo na ang mga aktibidad na nangangailangan sa mga parokyano na magtanggap ng kanilang mga maskara sa mukha para makisali sa negosyo (hal., mga restaurant at bar), ay dapat mangailangan sa kanilang mga parokyano na Up-to-Date ang kanilang pagbabakuna at magpakita ng katibayan ng pinakabagong pagbabakuna bago pumasok.

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)

5. **Saan Naaangkop.** Lahat ng mga indibidwal, negosyo, at iba pang mga entidad sa County ay inuutusan na sumunod sa naaangkop na mga probisyon ng Kautusang ito. Para sa kalinawan, ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang naninirahan sa County ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na mga kinakailangan ng Kautusan kapag sila ay nasa County. Dapat sundin ng mga entidad ng gobyerno ang mga kinakailangan ng Kautusang ito na nalalapat sa mga negosyo, maliban kung partikular na iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan.

6. **Obligasyon na Sundin ang Mas Mahigpit na Kautusan.** Kung mayroong pagsalungat sa pagitan ng Kautusang ito at anumang kautusan na ipinalabas ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado, ng Gobernador, o isang ahensiya ng Estado (tulad ng California Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA)) na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19, ang pinakamahigpit na probisyon ang magkokontrol. Para sa kalinawan, ang lahat ng mga indibidwal at mga entidad ay dapat sumunod sa mga Kautusan ng Estado, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na patnubay na ipinalabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, anumang mahigpit na ipinapatupad na mga kautusan ng Gobernador o isang ahensiya ng Estado, o anumang iba pang mahigpit na ipinapatupad na probisyon ng batas ng Estado hangga't mas mahigpit ito kaysa sa anumang probisyon ng Kautusang ito. Alinsunod sa seksyon 131080 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California at ang Gabay ng Pamamaraan para sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit sa California ng Opisyal ng Pangkalusugan, maliban kung ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay nagpalabas ng isang kautusan na malinaw na tumutugon sa Kautusang ito at batay sa napag-alaman na ang isang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang panganib sa kalusugan ng publiko, ang anumang mas mahigpit na mga pamamaraan sa Kautusang ito ay patuloy na nalalapat at magkokontrol sa County na ito. Bilang karagdagan, hangga't ang anumang mga alituntuning pederal ay hindi naaayon sa Kautusang ito, ang Kautusang ito ang magkokontrol.

7. **Obligasyon na Sundin ang mga Direktiba ng Opiysal ng Pangkalusugan at Mahigpit na Ipinapatupad na Patnubay ng Estado.** Bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito, lahat ng mga indibidwal at entidad, kabilang ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno, ay dapat ding sumunod sa anumang naaangkop na mga direktiba na ipinalabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at anumang naaangkop na mahigpit na ipinapatupad na patnubay na ipinalabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California. Hanggang sa kung may pagsalungat sa mga probisyon sa mga direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at sa patnubay ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado, nalalapat ang mas mahigpit na mga probisyon.

8. **Pagpapatupad.** Alinsunod sa mga seksyong 26602 at 41601 ng Kodigo ng Gobyerno, seksyon 101029 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, at seksyon A1-34 ng Kodigo ng Ordinansa ng Santa Clara County *et seq.*, hinihiling ng Opisyal ng Pangkalusugan na ang Sheriff, lahat ng mga hepe ng pulisya sa County, at lahat ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas ay nagtitiyak sa pagsunod sa at pagpatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)

multa, pagkabilanggo, o pareho. Ang Kautusang ito ay napapailalim din sa awtoridad ng civil enforcement na itinatag ng Urgency Ordinance Num. NS-9.291.

9. **Epektibong Petsa.** Epektibo ang Kautusang ito sa 12:01 am sa Disyembre 29, 2021. Ang Kautusang ito ay magpapatuloy na may bisa hanggang sa ito ay matanggal, mapalitan, o mabago sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.
10. **Mga kopya.** Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) maging available sa County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa COVID-19 website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County (covid19.sccgov.org); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.
11. **Severability.** Kung mapawalang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ang natitirang Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

ITO AY INIUTOS:

Napetsahan: Disyembre 28, 2021

Sara H. Cody, M.D.
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

Napetsahan: Disyembre 28, 2021

James R. Williams
Abugadong Tagapayo ng County

Kautusan na Nangangailangan ng Pinakabagong Pagbabakuna ng mga Tauhan sa Mga Lugar na May Mas Mataas na Panganib (Inilabas noong Disyembre 28, 2021)